



WA Dept. of Financial Institutions Pinansiyal na Tulong sa Konsumer at Impormasyon sa COVID-19

Protektahan sa Pinansiyal ang Iyong Sarili

<https://www.consumerfinance.gov/about-us/blog/protect-yourself-financially-from-impact-of-coronavirus/>

Tulong sa Upa para sa mga Residente ng Washington

- Kung hindi mo kayang bayaran ang upa sa bahay (mortgage), o kaya lang bayaran ang bahagi nito, makipag-ugnayan agad sa iyong loan servicer.
- **Makukuha ng mga residente ng Washington ang pagpapayo at tulong sa pagmamay-ari ng bahay**, maging sino man ang may-ari o nagbigay ng pautang. Maaaring tumawag nang libre ang mga nagmamay-ari ng bahay sa numero ng DFI sa **1-877-RING-DFI (746-4334)** para makakuha ng tulong sa pakikipag-ugnayan sa kanilang mortgage servicer, at para malaman ang higit pa tungkol sa mga opsyon. Para makausap ang isang housing counselor, tumawag sa Washington Homeownership Hotline sa **1.877.894.HOME (4663)**. Mayroong mga serbisyo sa pag-i-interpret sa parehong numerong ito.

Ang Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security (CARES) Act ay nagtatag ng dalawang proteksyon para sa mga nagmamay-ari ng bahay na may home loan mula sa pamahalaan:

1. Hindi maaaring mag-foreclose sa iyo ang iyong tagapagpautang o loan servicer hanggang Disyembre 31, 2020 - bisitahin ang www.hud.gov para sa mga update. Espesipikong ipinagbabawal ng CARES Act sa mga tagapagpautang at servicer na magpasimula ng hudisyal o di-hudisyal na foreclosure laban sa iyo, o magwakas ng paghuhusga o pagbebenta ng foreclosure, sa panahong ito. (**Ang Foreclosure** ay ang legal na proseso kung saan kinukuha ng tagapagpautang ang kontrol sa isang ari-arian, pinapaalis ang nagmamay-ari ng bahay at ibebenta ang bahay pagkatapos hindi mabayaran ng nagmamay-ari ng bahay ang buong bayad.)
2. Kung nakakaranas ka ng paghihirap sa pinansiyal dahil sa pandemya ng coronavirus, may karapatan kang humiling ng forbearance sa loob ng hanggang 180 araw. May karapatan ka ding humiling ng isang ekstensyon para sa loob ng 180 araw. Dapat kang makipag-ugnayan sa iyong loan servicer para hilingin ang forbearance na ito. Walang karagdagang babayaran, multa o karagdagang interes (na lampas sa nakatakdang halaga) ang ilalagay sa iyong account. Ang **Forbearance** ay kapag ang iyong mortgage servicer, ang kompanyang nagpadala sa iyo ng loan statement at nangangasiwa ng iyong loan, o tagapagpautang ay pinahintulutan kang itigil pansamantala o bawasan ang iyong pagbabayad sa loob ng limitadong yugto ng panahon. Hindi inaalís ng forbearance ang anumang kailangan mong bayaran. Kakailanganin mong bayaran ang anumang napalampas o nabawasang babayaran sa hinaharap.

Mga Scam

Mga Investment Scam sa COVID-19: Bago gumawa ng malaking desisyon tungkol sa pag-i-invest, dapat magsaliksik at beripikahin ng mga mag-i-invest na sila ay nakikipagtransaksyon sa lisensiyadong propesyonal sa pinansiyal. Tumawag sa 877-RING-DFI (746-4334) para sa tulong.

Mga Payo para Maiwasan ang Panloloko

- Hindi tatawag o magte-text ang mga ahensiya ng pamahalaan sa iyo tungkol sa mga benepisyo o pera, at hindi ka nila hihingan ng deposito, bayarin o iba pang babayaran para makuha mo ang iyong mga benepisyo.



WA Dept. of Financial Institutions Pinansiyal na Tulong sa Konsumer at Impormasyon sa COVID-19

- Hindi hihingin sa iyo ng mga ahensiya ng pamahalaan ang iyong Social Security number, bank account number, o credit card number.
- Maging maingat sa mga email, tawag, at text na mula sa di-kilalang pinanggalingan.

Coronavirus: Impormasyon para sa mga Humihiram ng Loan para sa Estudyante

Para sa tulong sa iyong mga student loan, makipag-ugnayan sa **Washington Student Loan Advocate** sa Washington Student Achievement Council sa loanadvocate@wsac.wa.gov o tumawag sa DFI sa 877—746-4334 para makipag-usap sa miyembro ng aming student education loan servicer team.